

Katutubong vlog: Isang pagsusuri sa oryentalismo sa mga vlog tungkol sa iba't ibang Indigenous Cultural Communities/ Indigenous People (ICCs/IPs) sa Pilipinas

Gian Carlo Alcantara and Feorillo A. Demeterio III

Abstrak

Nagbigay ang YouTube ng kakayahan sa mga tao at maging sa mga miyembro ng *Indigenous Cultural Communities/Indigenous People (ICCs/IPs)* na mag-upload, mag-publish, at manood ng mga video na hindi nangangailangan ng mataas na antas ng teknikal na kasanayan. Gamit ang lente ng *Orientalism* ni Edward Said, sinuri ng papel na ito ang mga vlog sa YouTube na tumatalakay sa buhay, kultura, at tradisyon ng mga katutubo sa Pilipinas. Sinuri sa papel na ang 20 video ng mga vlogger sa etik at emik na pananaw. Nahahati sa tatlong substansiyal na bahagi ang analisis ng papel: (1) oryentalismo sa emik na pananaw; (2) oryentalismo sa etik na pananaw; at (3) kritikal na paghahambing ng oryentalismo sa emik at etik na pananaw. Nahati sa dalawang seksiyon ang una at pangalawang substansiyal na bahagi ayon sa dalawang uri ng oryentalismo ni Said (1978) na *latent* at *manifest*. Sa pamamagitan ng mga vlog, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga katutubo na bigyan ng sariling representasyon ang kanilang sarili at magsagawa ng *counter-orientalism* sa YouTube. Sa kabuuang pag-aaral ng representasyon ng mga katutubo sa YouTube, inaasahan na makapag-ambag ito ng panibago at mas malalim na pang-unawa sa *indigenous studies* sa Pilipinas.

Keywords: YouTube, katutubo, orientalism, virtual orientalism, counter-orientalism

Plaridel Open Access Policy Statement

As a service to authors, contributors, and the community, *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society* provides open access to all its content. To ensure that all articles are accessible to readers and researchers, these are available for viewing and download (except Early View) from the *Plaridel* journal website, provided that the journal is properly cited as the original source and that the downloaded content is not modified or used for commercial purposes. *Plaridel*, published by the University of the Philippines College of Mass Communication is licensed under Creative Commons Attribution-NonCommercial-NoDerivatives 4.0 International License (<https://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/4.0/legalcode>).

How to cite this article in APA

Alcantara, G. C. & Demeterio III, F. A. (2023). Katutubong Vlog: Isang Pagsusuri ng Orientalismo sa mga Vlog Tungkol sa Iba't Ibang Indigenous Cultural Communities/Indigenous People (ICCs/IPs) sa Pilipinas. *Plaridel*. Advance online publication. <https://doi.org/10.52518/2023-02alcntdmtr>

Abstract

YouTube brings the opportunity for people even to the members of Indigenous Cultural Communities/Indigenous People (ICCs/IPs) to upload, publish, and watch videos that do not require higher technical skills. Using Edward Said's concept of Orientalism this paper evaluates several vlogs that deal with the life, culture, and tradition of the Indigenous Peoples in the Philippines. This study examined twenty videos of Filipino vloggers from an etic and emic perspective. The analysis is divided into three substantial parts: (1) orientalism in etic perspective; (2) orientalism in emic perspective; and (3) critical comparison of orientalism in etic and emic perspective. The paper looked into the characteristics of latent and manifest orientalism. In YouTube, vlogging gave IPs new ways to practice self-representation and counter-orientalism. This research intends to contribute to a better understanding of digital ethnography and indigenous studies in the Philippines by providing new and in-depth information about the representation of Indigenous Peoples in YouTube.

Keywords: YouTube, Indigenous Peoples, orientalism, virtual orientalism, counter-orientalism

Introduksiyon

Matagumpay na binago ng YouTube, isang original content-media sharing *Website* ang kultura ng midya sa buong mundo noong 2005. Nagbigay ito ng kakayahan sa mga tao na mag-upload, mag-publish, at manood ng mga video na hindi nangangailangan ng mataas na antas na teknikal na kasanayan. Ipinaliwanag ni Clement Chau (2010) na pinagsama ng ganitong uri ng mga Website ang produksiyon at distribusyon ng midya na may katangian ng mga social networking site kaya isa itong ideyal na lugar na gumawa, kumonekta, makipagkolaborasyon, at magpalaganap ng mga bago at makabuluhang midyang pampersonal. Nagsimula ito ng makabagong genre ng produksiyon ng midya—ang video blog (vlog). Ang vlog ay isang portmanteau mula sa mga salitang video at blog na isa pang portmanteau mula sa salitang web at log. Kilala ang vlog bilang koleksiyon ng mga video na nagsisilbing dokumentaryo (biswal at awditori) ng buhay ng mga tao na maaaring umikot sa mga isyung nakapokus sa personal na buhay, pang-araw-araw na komentaryo o mga kaganapan sa kanilang kapaligiran (Aran, et al., 2013; Biel & Gatica-Perez, 2010).

Ayon kina Marlon Jesspher B. De Vera & Jean A. Saludadez (2021) nagsimulang dumami ang mga Filipinong vlogger sa Pilipinas noong 2016 dahil na rin sa mabilis na pagsikat ng social media marketing bilang isang paraan ng pagnenegosyo. Sa taon ding ito nagsimulang mamuhunan ang mga naglalakihang korporasyon sa mga digital media platform katulad ng YouTube para sa kanilang mga advertisement. Ayon pa rin sa kanila may malaking potensiyal na kumita ng malaking pera ang mga vlogger sa proseso ng monetisasyon sa YouTube. Dahil dito, naging kilala ang larangan ng vlogging bilang isang alternatibong hanapbuhay na bukas para sa lahat. Ito rin ang dahilan kaya mas dumarami pa ang mga Filipino na nagsisimula ng kanilang sariling YouTube channel. Idinagdag pa nila sa kanilang artikulo na marami sa mga kilalang Filipinong vlogger ngayon ang naging matagumpay sa loob lamang nang ilang taon na kumikita ng milyong piso dahil na rin sa pagkakaroon nila ng isang milyon o higit pang bilang ng mga subscriber.

Sa larangan ng vlogging sa Pilipinas makikita ang iba't ibang uri ng tao at tema ng vlog depende sa antas ng buhay, propesyon, kasarian, relihiyon, isports, o kaya naman ay hobby ng mga vlogger. Iba't ibang kuwento ng buhay ang matutunghayan at mapapanood dito kaya hindi nakapagtataka na makakita rin ng mga video o vlog tungkol sa mga Indigenous Cultural Communities/Indigenous People (ICCs/IPs) sa Pilipinas. Para sa papel na ito gagamitin ang terminong katutubo sa kabuuan ng papel upang tumukoy sa mga miyembro ng ICCs/IPs. Ayon sa Batas Republika Blg. 8371 o kilala bilang Indigenous Peoples Rights Acts of 1997, nangangahulugan ang pagiging katutubo bilang:

[A] group of people or homogenous societies identified by self-ascription and ascription by others, who have continuously lived as organized community on communally bounded and defined territory, and who have, under claims of ownership since time immemorial, occupied, possessed and utilized such territories, sharing common bonds of language, customs, traditions and other distinctive cultural traits, or who have, through resistance to political, social and cultural inroads of colonization, non-indigenous religions and cultures, became historically differentiated from the majority of Filipinos. (Chapter 2, Section 3h)

Kabilang sa modernong interpretasyon ng terminolohiyang Indigenous ang konsepto ng pansariling identipikasyon ng mga indibidwal at antas pangkomunidad, pagpapatuloy ng daloy ng kasaysayan kasama ng prekolonyal na lipunan. Nakaugnay rin ito sa mga tradisyonal na teritoryo at mga nakapalibot na natural na yaman (United Nations, 2004). Ipinaliwanag naman ng United Nations (2006) na sa halip na bigyan ng depinisyon ang IPs ay mas mabuting tukuyin kung sino ang mga kabilang sa IPs nang sa gayon ay magkakaroon sila ng sariling identidad dahil ito ang pinakamahalagang pamantayan sa pananagutang nakasentro sa pagbibigay ng konsiderasyon sa karapatang pantao.

Binubuo ang Pilipinas ng malaking pagkakaiba-iba ng mga tao na binubuo ng mahigit sa 169 na etnolingguwistikong grupo kabilang dito ang 110 na kinikilala bilang mga IPs (UNDP, 2013). Nagreresulta ang mataas na densidad ng kultura, wika, at etnisidad ng mga IPs sa Pilipinas ng heograpikal na segregasyon. Tinalakay din nina Vincent Balilia, et al. (2013) na karamihan sa mga populasyong ito ang piniling ihiwalay ang kanilang mga sarili sa malalayong rehiyon sa panahon ng sunod-sunod na pangyayari na may kinalaman sa inmigrasyon, pagpapaalis, diskriminasyon, at sa patuloy na ekonomikong pag-unlad.

Sa kabila ng naganap na heograpikal na segregasyon at dahil na rin sa patuloy na umiiral na ekonomikong pag-unlad, unti-unti nang nakararating sa mga katutubo ang pagkakaroon ng akses sa makabagong paraan ng komunikasyon katulad ng SMS at Internet. Sa isang pag-aaral nina Mark Evangelista, et al. (2015) kanilang sinuri kung paano naimpluwensiyahan ng mga mobile phones ang kultura ng mga Aeta sa Bamban, Tarlac. Lumabas sa kanilang pag-aaral na karamihan sa mga miyembro nito ay gumagamit ng mobile phone at mga kalalakihan ang karamihan sa mga ito. Isa rin sa pangunahing dahilan kung bakit sila gumagamit nito ay upang makapag-text at makatawag. Nakita rin na naimpluwensiyahan ng paggamit ng

mobile phone ang pag-uugali, relasyon sa trabaho, pakikipag-ugnayan at kaligtasan ng pamilya sa isang komunidad.

Samantala, dinalumat ng pag-aaral ni Gino Orticio (2011) ang adaptasyon ng Callon and Law (1995) na *hybrid collectif* na nakasentro sa pagsusuri ng paggamit ng mga mobile phone at Internet ng mga iTadian indigenous people ng Cordillera sa Hilagang bahagi ng Pilipinas. Sa pag-aaral na ito ipinaliwanag niya ang *indigenous digital collectif* bilang bagong lumitaw na epekto na nagpakita ng bagong magkakarugtog na pagkakaiba at bahagyang magkaugnay na network ng mga tao (i.e., matatandang katutubo, kabataan, malayong kamag-anak, at mga asawa) at maging ng mga bagay (i.e., paaralan, tindahan, diyaspora, tradisyon, bukid, palengke, pera, bundok, at iba pa) gamit ang mga digital na teknolohiya bilang panimulang sanggunian. Gamit ang broadband, nakagagamit ang mga iTadian ng Internet upang makapag-chat sa kanilang mga kamag-anak na nakatira sa ibang lugar. Sila rin ang mga katutubong mayr kakayahang makapagbahagi ng mga impormasyon sa Internet tungkol sa mga pangyayari, gawain, at mahahalagang lugar sa loob ng kanilang komunidad. Kadalasan itong inilalagay sa kanilang Facebook account upang makita ng mga iTadian na nakatira sa Maynila, Baguio, at maging sa ibang bansa.

Sa kaso ng mga iTadian, masasabi na nakagagamit na ng Internet ang mga katutubo at nagbubukas ito ng panibagong daan upang magkaroon ng presensiya ang mga ito sa Internet. Isa itong paraan upang magkaroon ng representasyon ang mga katutubo sa midya o social media na nagmumula mismo sa kanilang komunidad at maging sa mga taong bumibisita dito. Sinabi ni Myria Georgiou (2013) na nagbibigay ang new media ng mapagpalayang potensiyal sa mga miyembro ng grupo ng minority na maipahayag ang kanilang mga sarili na malayo sa mga hadlang na dulot ng mass media. Subalit sa kabila ng bentaha ng new media sa representasyon ng mga katutubo ng kanilang sarili sa Internet mayroon din itong kaakibat na desbentaha lalo na sa aspekto ng pagkakaisa bilang isang nasyon kaya patuloy pa ring pinagdedebatehan ang banta ng makabagong teknolohiya sa kultural at politikal na aspekto ng buhay ng mga katutubo. Sa kabila ng mga ganitong uri ng agam-agam, marami na sa mga katutubo sa Pilipinas ang may akses sa Internet at unti-unti nang nakapasok ang social media sa kanilang mga komunidad.

Kaya nilalayon ng papel na ito ang suriin ang interseksiyon ng teknolohiyang digital, representasyon at self-representation ng mga katutubo sa YouTube na nakaangkla sa konsepto ng virtual orientalism. Ginamit ni Jane Iwamura (2011) sa pagpapaliwanag ng konsepto ng virtual orientalism ang konsepto ni Edward Said na oryentalismo na nakaangkla sa perspektiba ng critical racialization. Ayon kay Said (1978): “Orientalism

is a style of thought based upon an ontological and epistemological distinction made between the 'Orient' and the 'Occident' (p. 2). Bumuo ang konseptong ito ng binaryong pormasyon na nagbigay pakahulugan sa kultura ng mga taga-Silangan bilang arketipong malaki ang pagkakaiba sa masangat na kultura ng mga taga-Kanluran. Nagpakalat ito ng mga maling representasyon at pagkilala sa mga taga-Silangan.

Inalisa ni Said (1978) ang serye ng mga materyal na pangkasaysayan at pampanitikan sa ika-19 at natuklasan niya na marami sa mga tanyag na manunulat, historyador, at manlalakbay ang nagpapalagay sa mga taga-Silangan bilang "the Other." Nagpakita ito ng pagkiling sa mga taga-Kanluran na tingnan ang mga taga-Silangan bilang mababang uri ng tao na naging motibasyon nila upang sakupin ang mga ito sa pagnanais na iahon at baguhin ang kanilang di-umano'y sinauna at hindi sibilisadong paraan ng pamumuhay at kultura.

Ayon kay Said (1978) pagkatapos ng unang digmaang pandaigdig, nasakop ng Europa ang 85 porsiyento ng mundo kaya masasabi na ang modernong oryentalismo ay isang aspekto ng imperyalismo at kolonyalismo. Ipinaliwanag ni din niya na na kinakatawan ng modernong oryentalismo ang sistematikong disiplina ng akumulasyon [ng mga tao at teritoryo]. Ipinaliwanag din niya na sa panahong postkolonyal hindi na lamang limitado ang kapangyarihan ng base militar na ginagamit ng Kanluran sa mga taga-Silangan. Hindi naman ito nangangahulugang humina na ang impluwensiya at kapangyarihan ng Kanluran sa halip, sa panahong postkolonyal pumapasok ang kapangyarihan sa porma ng representasyon o tinawag din niya na "the power of textual attitude." Maiuugnay ito sa konteksto ng interseksiyon ng teknolohiyang digital, representasyon at self-representation ng mga katutubo sa YouTube dahil ipinapakita nito na ang pagdami ng mga ganitong uri ng imahen at video sa Internet ay nagpapalago ng representasyon at self-representation ng identidad ng mga miyembro nito. Ipinaliwanag ni Raymund Pun (2013) na ang mga biswal sa Internet ay sistematikong inoorganisa ayon sa (magkakapareho) keyword, metadata, at algorithm na nakabubuo ng isang kolektibong representasyon at maaari itong magluwal ng panibagong uri ng katotohanan tungkol sa mga katutubo.

Ito naman ang tinutukoy ni Iwamura (2011) na virtual orientalism na sa kaniyang pagpapakahulugan ay: "a type of cultural stereotyping by visual forms of media that train the consumer to prefer visual representations and adds gravitas to the narrative and creates its own scene of virtual encounter" (p. 7). Pangangatwiran din niya na ang oryentalismong imaheng ipinapakita sa virtual na tagpo ay nakadepende sa imahinasyon ng manonood tungkol sa "Other." Nagbubunsod ang mga imaheng ito na paganahin ang pangunahing pandama ng mga manonood (paningin, pang-amoy, pandinig, panlasa, at

pansalat) upang makabuo ng paniniwala (nang hindi namamalayan) tungkol sa mga oryental na personang kabilang sa imahen. Idinagdag pa niya na ang oryentalismong estereotipo na nagiging bahagi ng obhetibasyon sa isang mediated form. Subalit kahit na nakadepende ang pagkilala nito sa imahinasyon ng tao ay nakakamit pa rin ang pagkakaroon ng sariling pag-iral nito.

Lumabas na rin sa postkolonyal na panahon ang konsepto ng counter-orientalism at self-orientalism. Nangangahulugan ang counter-orientalism bilang dekonstruksiyon ng mga oryentalismong estereotipo sa mga espasyo, kasaysayan, identidad, at kasarian sa kontra naratibong paraan (Wahab, 2014). Samantala, isang rekompigurasyon naman ang konsepto ng self-orientalism na maituturing na isang ekstensiyon ng oryentalismo. Iminungkahi nito na hindi na lamang pagmamay-ari ng Kanluran ang oryentalismo dahil nakikilahok na rin ang Orient o taga-Silangan sa pagbuo, pagpapalakas, at pagpapakalat nito (Dirlik, 1996; Xingcheng, 2006). Sinabi naman ni Özçelik (2021) na ang self-orientalism ay ang pagkakaunawa at interpretasyon ng mga indibidwal at ng lipunan ng kanilang sarili sa lente ng mga ideya na hindi nila pagmamay-ari.

Gamit ang lente ng orientalism, virtual orientalism, counter orientalism, at self-orientalism, sinuri ng papel na ito ang mga vlog sa YouTube na tumatalakay sa buhay at kultura ng mga katutubo sa Pilipinas gamit ang metodo ng semyolohiya ni Barthes. Kaugnay nito sinagot ang mga sumusunod na katanungan:

- Ano ang mga nabuong representasyong oryentalismo ng mga katutubo sa etik na pananaw sa YouTube?
- Ano ang mga nabuong representasyong oryentalismo ng mga katutubo sa emik na pananaw sa YouTube?
- Ano ang pagkakaiba sa nabuong representasyong oryentalismo ng mga katutubo sa etik at emik na pananaw sa YouTube?

Sa kabuuang pag-aaral ng representasyon ng mga katutubo sa YouTube, inaasahang makapag-ambag ito ng panibago at mas malalim na pang-unawa sa digital ethnography at indigenous studies sa Pilipinas. Katulad ng pananaliksik ni AARichela dela Cruz (2020), nais ng papel na ito na ipakita na umiiral ang konsepto ng oryentalismo hindi lamang sa mga taga-Kanluran kundi pati na rin sa mga taga-Silangan.

Metodolohiya

Pangangalap ng datos

Pinili ang mga sinuring video sa papel na ito gamit ang *YouTube search engine* at *algorithm* noong Hunyo 2021. Ginamit sa pag-filter ng mga video ang mga susing salitang “katutubo” upang makuha ang algorithm ng mga vlog na tungkol sa mga katutubo. Upang matukoy ang mga YouTuber na susuriin, ginamit ang mga sumusunod na pamantayan:

- Gawa ng Filipinong vlogger ang mga vlog tungkol sa mga katutubong Filipino.
- Pagmamay-ari ang channel ng isang indibidwal at hindi ng isang organisasyon o kompanya.
- Ang paksa ay tumatalakay sa buhay at kultura ng mga katutubong Filipino.
- Aktibo ang channel hanggang sa kasalukuyan.

Hinati sa dalawang pangkat ang mga lumabas na vlog ayon sa algorithm. Ang unang pangkat ay mga vlog na gawa ng mga tagalabas o etik (etic) na perspektiba at ang pangalawa naman ay ang mga vlog na gawa mismo ng mga miyembro ng katutubo o ang emik (emic) na perspektiba. Makikita sa Talahanayan 1 at Talahanayan 2 ang mga vlog na kabilang sa mga susuriin sa papel na ito.

Talahanayan 1. Tala ng mga YouTuber sa Etik na Perspektiba

Vlogger	Bilang ng Subscriber	Katutubo sa Video	Lokasyon	Taon Nagsimula
Buhay Isla	125,000	Tagbanua	Palawan	16 May 2020
Wild life Ph	44,900	Aeta Manide	Camarines Norte	22 Ene 2021
Romalyn Vlog	112,000	Mangyan Alangan	Occidental Mindoro	27 May 2019
The Good Mangyan	13,300	Mangyan	Occidental Mindoro	28 Hun 2020

Talahanayan 2. Tala ng mga Youtuber sa Emik na Perspektiba

Vlogger	Kinabibilangang katutubo	Bilang ng Subscriber	Lokasyon	Taon Nagsimula
Primitive Islander	Tagbanua	329,000	Canipo, Palawan	30 Nob. 2020
Banua Tribe TV	Tagbanua	3,900	Canipo, Palawan	23 Set. 2021
Aeta Vlog	Agta Aeta	500	Zambales	10 Hul 2020
Shaima’s Vlog	Sama Badjao	80,300	Cebu	19 Ago 2019

Pagkatapos matukoy ang mga YouTube channel, kumuha ng sampung video sa bawat channel na kabilang sa etik at emik na perspektiba gamit ang filter feature ng YouTube “most popular” (tingnan ang Talahanayan 3). Ginamit din ang mga sumusunod na pamantayan sa pagpili ng mga video lalo na sa etik na perspektiba:

1. Ang paksa ng vlog ay ang mga katutubo.
2. Nagpapakita ng buhay, kultura, at tradisyon ng mga katutubo.
2. Hindi bababa sa limang minuto ang video.

Talahanayan 3. Tala ng mga vlog sa etic at emic na perspektiba

Perspektiba	Channel	Pamagat ng Vlog
Etic	Buhay Isla	Makakasaksi Tayo Ng Kasal Ng Mga Katutubo or Kumbera Kung Tawagin Sa Kanila
		May Vlogger Na Ang Ating Mga KATUTUBO
		Isang Isla Ng Mga Katutubo Dinayo Namin Para Mabigyan Ng Ayuda
		Isang Isla Ng Mga Katutubo Dinayo Namin Ng AYUDA P2 2nd Outreach Mission
		Part2 Subrang Nakakadurog Ng Puso Ang Kanilang Kalagayan🥰 1st out reach mission
	Wild life Ph	3rd PABAHAY SA TRIBUNG AETA. inspired by virgelyncares & techram & pugong byahero
		umulan ng bigas sa mga katutubong aeta
		PLAY-GROUND para sa mga katutubong aeta/manide. inspired by virgelyncares & pugong byahero & techram
		KAKAIBANG BALIK BAYAN BOX PARA SA TRIBUNG AETA. inspired by virgelyncares 2.0 & pugong byahero
		ang cucute ng mga batang aeta. wild life ph
	Romalyn Vlog	Ang Pagaasawa ng mga Mangyan PAANO NAMUMUHAY ANG MGA MANGYAN BARANGAY LAGNAS PART 1 OCC,MDO
		Ang Pangakong Pagbabalik kina Samara BARANGAY LAGNAS PART 2 OCCIDENTAL MINDORO
		Mga Palaro na ngayon lang nila Naranasan (Basagan ng Banga at itlog) BIRTHDAY PARTY PART 2
		Balikan natin ang mga Katutubong Mangyan sa Bundok (iKinabubuhay ng mga Mangyan) TURAWAN PART 2
		Salo-Salo sa Tribu nina Samara (Happy 1 Million Views sa Tribu ni SAMARA)

Perspektiba	Channel	Pamagat ng Vlog
Etic	The Good Mangyan	KULTURA/TRADISYON ng KATUTUBONG MANGYAN I THE GOOD MANGYAN
		PAMUMUHAY NG ATING MGA KATUTUBONG MANGYAN I THE GOOD MANGYAN
		KATUTUBONG MANGYAN I LABING TATLONG ILOG ANG TINAWID NAMIN I THE GOOD MANGYAN
		MUNTING HANDOG SA ATING KATUTUBONG MANGYAN
		MANGYAN LabingLimang Taong KINADENA na Parang Aso Bakit?
Emic	Primitive Islander	p97-Lumaki Na Lalo Sahod Namin Mga Tangay Mapapaayos Na Namin Ang Mga Bahay Namin
		p36 Ang Aming Unang Sahod Maraming Salamat po sa Inyong supporta
		ep.4 WOW 😊 NILUTO NG BUO ANG NAPAKALAKING LAPU-LAPU SWEET AND SOUR
		ep78-Ang Laki Ng Sinahod Namin Maraming Salamat Po Mga Katangay Sa Inyong Supporta
		ep.26 Ang Laki ng Nahuli Namin Mga Katangay Pinagluto Kami Ni Buhay Isla Vlog Tv 😊 😊
	Banua Tribe TV	ep4-Simply Pero Ang Tigas Talaga, Pero Ang Sarap Nito
		ep7-Jackpot Ang LAKI
		ep11- MUNTIK PA Buti Bilis Ni Tangay Kulot At Randy Maaksyong Pamamana
		ep14- Tanggap Napo Kami Sa YouTube Maraming Salamat Mga Ka-Banua
		ep23_ Pagkain Sa ilalim Ng Buhangin
	Aeta Vlog	Harvesting the Exotic Aphrodisiac called Parunapin (Woodworm)
		Tindahan ni Aeta Vlogs
		Mukbang Aeta Style - Parunapin Delicacy (wood worm)
		Uod na niluto sa kawayan - Pampa...toink! ng mga lalaki
		walwal aeta style - parunapin ang pulutan
	Shaima's Vlog	Ang laki nang Sea Cucumber(vlog-25)
		Worth 200 pesos Badjao Street Food(vlog-42)
		Attending badjao wedding (vlog-14)
		(Vlog-35)cooking SINDUL with My Badjao friends
		Morning routine vlog-10

Analisis ng datos

Nahahati sa tatlong substansiyal na bahagi ang analisis ng papel: (1) etik na pananaw; (2) emik na pananaw; at (3) kritikal na paghahambing ng emik at etik na pananaw. Mahahati sa dalawang seksiyon ang una at pangalawang substansiyal na bahagi ayon sa dalawang uri ng oryentalismo ni Said (1978).

Una, nangangahulugan ang latent orientalism bilang walang malay tao na pagbuo ng Kanluran ng mga estereotipo tungkol sa mga taga-Silangan (Orient). Tiningnan sa pagsusuri ng mga vlog na tungkol sa mga katutubo ang mga sumusunod na katangian ng latent orientalism: (1) Hiwalay (Separate); (2) Naiiba (Different); (3) Paurong (Backwards).

Pangalawa, tinutukoy ng manifest orientalism ang pagpokus sa mga nakikitang kultura ng Silangan (Orient). Kasama rito ang mga impormasyon at mga pagbabago sa kaalaman tungkol sa mga taga-Silangan (Orient) maging ang mga polisiyang itinatag ng Oryentalismong pag-iisip. Susuriin dito ang mga katangian ng manifest orientalism: (1) pamumuhay; (2) trabaho; (3) kasaysayan.

Oryentalismo sa etik na pananaw

Latent orientalism sa mga vlog sa etik na pananaw

Hiwalay: Sa 20 vlog na sinuri sa etik na pananaw, lahat o 100% ang nagpakita na isa sa karaniwang bahagi ng mga video ang pagpapakita ng kanilang malayong paglalakbay mula sa kabihasan patungo sa lugar ng mga katutubo na kadalasang nasa mga bundok at malalayong isla (tingnan ang Talahanayan 4). Nagpapakita ito ng konsepto ng **pagbubukod sa lipunan** ng mga miyembro ng mga katutubo. Mababakás sa representasyong ito na isang nakahiwalay na komunidad ang mga katutubo na nagpapakita ng konsepto ng Oryentalismo ni Said (1978). Bumubuo ito ng imahen ng mga katutubo bilang “the Other” sa pamamagitan ng pagpapakitang naiiba ang uri ng kanilang pamumuhay na nagsisimula sa paglalarawan ng malayong heograpikal na lokasyon ng mga ito. Nagpapakita rin ito ng pagkakaiba ng isang sibilisado at hindi sibilisadong lugar at pamumuhay ng mga katutubo. Ito ang ipinaliwanag ni Said (1978) kaugnay ng latent na Oryentalismo na may katangian ng nakahiwalay (separate).

Malinaw na maaaring hindi direkta o hindi sinasadya ng mga vlogger ang pagbuo ng isang representasyon ng mga katutubo bilang malayo sa sibilisasyon at hindi gaanong naabot ng parehong pribilehiyong tinatamasa ng mga itinaturing na sibilisadong Filipino. Mayroon ding umiiral na estereotipikong pag-uugnay sa mga taong salat sa edukasyon, may maayos na pamumuhay, at may trabaho bilang mga tagabundok. Nagagamit ito

bilang panlilibak o panlalait sa mga taong hindi sopistikado, ignorante, mangmang, walang pinag-aralan, o walang muwang.

Kung titingnan ang kasaysayan may kaugnayan ito sa ekspresyon ng mga taga-Amerika na “boondocks” na kinuha sa salitang Tagalog na “bundok” na orihinal na ginagamit ng mga Filipino upang ilarawan ang isang lugar na rural na kadalasang bulubundukin at mahirap puntahan. Unang ginamit ang salitang “boondocks” ng isang Amerikanong militar na nakipaglaban sa giyera sa pagitan ng Pilipinas at Amerika (1899-1902). Ayon sa historyador na si Paul Kramer (2006) ang unang kahulugan ng terminong ito ay konotasyon ng pagkalito at pagkataranta. Ipinaliwanag niya na “during the Philippine-American War, U.S. soldiers had borrowed and adapted the Tagalog word bundok, meaning mountain or remote area, and converted it to “boondock,” a term for a liminal, border region, with connotations of bewilderment and disorientation” (p. 24). Isa itong malinaw na kaisipan sa loob ng isang oryentalismong ideolohiya.

Naiiba: Makikita sa Talahanayan 4 na sa 20 sinuring video, 18 o 90% ang nagpakita ng pagbibigay ng tulong sa iba’t ibang komunidad ng mga katutubo. Pinapatingkad nito ang ideya na naiiba ang mga katutubo batay sa antas ng kanilang pamumuhay. Ang mataas na bilang ng vlog na nakasentro sa pagbibigay ng tulong sa mga komunidad ng katutubo ay maaaring paggamit ng konsepto ng charity appeal bilang isang uri ng poverty porn. Ipinaliwanag ni Jonathan Ong (2015) na itinuturing ng ilan sa mga iskolar ng midya na ang paggamit ng charity appeal sa produksiyon ng midya bilang isang pagtupad sa isang etikal na diskurso ay maaaring magpagana ng apela sa emosyon ng pagkaawa o pagkagalit ng mga manonood o publiko. Ibinigay niyang halimbawa ang pagmamapa ni Lilie Chouliaraki (2010) ng makabuluhang tipolohiya ng iba’t ibang pamamaraan sa paggamit ng Kanluraning humanitarian advertising.

Tinawag ni Chouliaraki (2010) ang isa sa tatlong tipolohiya bilang positive imagery na may kinalaman sa paggamit ng mga isinapersonal na naratibo ng mga naghihirap na tao at ang pagkakaroon ng mga taong tumutulong o donor na siyang naghihikayat na makaramdam ng empathy. Ipinapakita rin nito ang imahen ng tao hindi bilang isang biktima kundi ang dignidad ng taong naghihirap. Makikita ito sa mga vlog sa etik na pananaw katulad na lamang ng mga vlog ng Wild Life Ph na ipinakikitang may mga nagbigay ng donasyon upang makapagpatayo ng bahay at basketball court ng mga Aeta (Hal. Wild Life Ph, 2021a; Wild Life Ph, 2021b). Makikita naman sa mga vlog ng Buhay Isla Vlog, Romalyn Vlog, at Good Mangyan ang pagbibigay ng iba’t ibang tulong katulad ng pagkain, damit, laruan, at mga gamit sa bahay (Hal. Buhay Isla Vlog TV, 2021c; Romalyn Vlogs, 2021d; The Good Mangyan, 2020).

Nagpapakita lamang ito na ginagamit ang mga katutubo bilang pangunahing aktor at pokus ng emosyonal na apela. Nagsisilbi rin ang mga taong nagbibigay ng donasyon hindi bilang isang mang-uusig kung hindi isang instrumento upang makuha ang simpatya ng mga manonood. Sa ganitong paraan, napapadali ang pagkuha ng mas maraming bilang ng view at subscriber ng mga vlogger.

Paurong na Pamumuhay: Sa 20 sinuring video, nagpakita ang lahat o 100% ng kasalukuyang kalagayan ng buhay ng mga katutubo (tingnan ang Talahanayan 4). Malinaw itong naipakita sa pamamagitan ng pagpokus sa uri ng bahay ng mga katutubo katulad ng maliliit na kubo na kadalasang sira-sira na (Hal. Romalyn Vlog, 2021c; Wild Life Ph, 2021a). Pagpapakita ng paraan ng pananamit ng mga katutubo kahit na hindi na sila nakasuot ng kanilang tradisyonal na kasuotan, mapapansin pa rin ang pagiging salat nila sa mga pagkakaroon ng mga bagong damit. Makikita rin sa mga video na mayroon ding kakulangan sa mga kagamitan sa loob ng kanilang mga bahay (Hal. Buhay Isla Vlog TV, 2021b ; Romalyn Vlogs, 2021b).

Indikasyon ito ng paggamit ng konsepto ng poverty porn sa mga video upang kumuha ng simpatya ng mga manonood. Ipinaliwanag ni Nathalie Dortonne (2016) sa isang artikulong online ng CNN na isang estratehiya ang poverty porn na ginagamit ng mga nonprofit at charity organization upang makakuha ng empathy at kontribusyon mula sa mga donor sa pamamagitan ng eksplotatibong imahen ng mga taong nabubuhay sa matinding kahirapan. Idinagdag pa niya na nagbibigay ito ng di-kumportable, hindi konektado, at pakiramdam ng pagkakaroon ng pananagutan. Nagdudulot din ng agam-agam sa mga manonood kung hindi papansinin o kaya naman ay kung ibabahagi ba nila ang mga imaheng ito upang magkaroon ng kamalayan ang mga tao tungkol sa kahirapang dinaranas ng iba nilang mga kababayan.

Sinipi ni Dortonne (2016) si Chester Higgins, Jr, isang retratista na nagpaliwanag na ang mga partikular na indikasyon ng paggamit ng poverty porn ay ang pagpapakita ng kawalan ng disentang buhay, dignidad, at pagpapakita ng mga sandali ng kahinaan ng mga tao. Hindi na lamang limitado sa mga nonprofit at charity organization ang paggamit ng poverty porn dahil sa social media ay malaya nang makapag-post ang mga tao ng mga larawan o video bilang romantisasyon ng kahirapang dinaranas ng ibang tao.

Talahanayan 4. Tala ng latent na oryentalismo sa etik na pananaw

Latent na Oryentalismo	Katangian	Tala	Porsyento
Hiwalay	Malayo sa sibilisasyon ang mga katutubo	20	100%
Naiiba	Naiiba ang antas ng pamumuhay ng mga katutubo	18	90%
Paurong na Pamumuhay	Pagpapakita ng kawalan ng disenteng buhay, dignidad, at pagpapakita ng mga sandali ng kahinaan ng mga tao	20	100%

Manifest Orientalism sa mga Vlog sa Etik na Pananaw

Pamumuhay: Makikita sa Talahanayan 5 na naipakita ng lahat ng mga video o 100% ng mga vlogger sa etik na pananaw na nahaluan na ng impluwensiya ng mga mga dayuhan ang pamumuhay ng mga katutubo. Isa sa malinaw na makikita ang paraan ng kanilang mga pananamit. Hindi na makikita sa mga video na nakasuot pa ng mga tradisyonal na kasuotan ang mga katutubo at sa halip ay nagsusuot na sila ng mga kasuotang isinusuot ng mga tao sa labas ng kanilang komunidad. Makikita rin ito sa mga bagay na isinasama ng mga vlogger na pinamimigay na ayuda sa mga katutubo. Nakatanggap din sila ng ilang modernong kagamitan sa bahay na ipinadala ng mga nanonood ng vlog sa pamamagitan ng isang balikbayan box (hal. Wildlife Ph, 2021a). Ipinakita rin sa Romalyn Vlog (2021d) ang pagpaparanas sa mga Mangyan na ipagdiwang ang kaarawan ng isang miyembro sa paraan na ipinagdiwang ito ng mga tagasiyudad. Alam na rin nila ang mga pagkaing impluwensiya ng ibang bansa katulad ng spaghetti, pansit, at keyk (hal. Buhay Isla Vlog, 2021a). Dahil rin sa modernisasyon, nabago na rin ang relihiyon ng mga katutubo. Karamihan sa mga katutubo ang sumanib na sa pagiging Kristiyano, makikita ito sa vlog na Romalyn Vlog, (2021a) na nagpapakitang ipinamimigay nila ang mga ayuda sa mga katutubo sa loob ng isang Kristiyanong kapilya.

Trabaho: Hindi naipakita ng lahat ng mga video ng mga vlogger sa etik na pananaw ang uri ng trabaho ng mga katutubo. Sa sinuring 20 video, tanging isang video lang o 5% ng mga video ang nagpakita ng hanapbuhay ng mga katutubo (tingnan ang Talahanayan 5). Tanging ang Buhay Isla Vlog ang nakapagpakita ng trabaho ng mga Tagbanua bilang mga mangingisda sapagkat nakakasama niya ang mga ito dahil ito rin ang kaniyang trabaho. Samantala, sa isang vlog ng Romalyn Vlog (2021a) na may pamagat na *Ang Pag-aasawa ng mga Mangyan: Paano Namumuhay Ang Mga Mangyan?* hindi naging komprehensibo ang pagtalakay kung paano nga ba namumuhay ang mga Mangyan. Sa panonood ng vlog na ito nakita na ang pamagat ay isang maliit na parte lamang ng panayam ng vlogger sa isang Mangyan. Mas

naging angat pa rin sa kaniyang video ang pagbuo ng isang uri ng naratibo na nakapokus sa latent orientalism—na naiiba, nakahiwalay, at namumuhay pa ring mahirap ang mga Mangyan. Ganito rin ang linya ng naratibo sa mga vlog ng Wildlife Ph at The Good Mangyan.

Nagkulang ang naratibo sa mga vlog sa etik na pananaw sa pagpapakitang marami na ngayon sa mga katutubo sa Pilipinas ang pumasok na sa pinaghalong off-farm at non-farm na mga gawain tulad ng produksiyon ng mga handicraft, small scale mining, konstruksiyon, serbisyo, at occasional/seasonal labor. Marami na rin sa mga katutubo ang pumapasok sa mga gawaing maaaring pagkakitahan katulad ng pagtatayo ng maliliit na negosyo at pagbebenta ng mga lokal na produkto upang matustusan ang kanilang pangangailangan sa kanilang bukid at kanilang pang-araw-araw na pangangailangan. Masasabi na ang mga katutubo kahit hanggang sa kasalukuyan ay nanatili pa rin sa pagtatrabaho sa agrikultura upang mabuhay na ngayon ay patuloy na pumapasok sa mas malawak na merkado ng ekonomiya sa buong bansa (Cariño, 2012).

Kasaysayan: Dahil mga ordinaryong tao lamang o *amateur* ang mga vlogger na gumagawa ng mga video tungkol sa mga katutubo, hindi gaanong natatalakay ang mayamang kultura at kasaysayan ng mga katutubong kanilang itinatampok sa kanilang mga vlog. Makikita sa Talahanayan 5 na nakapagtala ng 0% ng vlog na tumalakay sa mayamang kultura at kasaysayan ng mga katutubo. Dahil dito naging daan pa ito upang magkaroon ng pagkakataon na makabuo ng misrepresentasyon ng mga katutubo sa kanilang mga video. Sinabi ni Hans Berterns (2013) na ipinaliwanag ni Said na ang Kanluraning representasyon ng mga taga-Silangan (Orient) kahit gaano kabuti ang intensiyon ay palaging nagiging bahagi ng mapanirang diskurso. Kahit na ang mga Orientalist na malinaw na nakikisimpatya lamang sa mga taga-Silangan (Orientals) at sa kanilang mga kultura ay hindi sinasadyang nakapagbabahagi ng dominasyon ng Kanluraning diskurso. Ganito rin ang maaaring kahihinatnan ng mga representasyon na maaaring mabuo sa mga vlog ng mga taong hindi nabibilang sa komunidad ng mga katutubo. Maaaring naroon ang intensiyon na makatulong subalit hindi nito talagang natatalakay ang mas malalim na ipinaglalaban ng mga katutubo na nakaugat sa kanilang kasaysayan at mga karapatan.

May mas malalim na kailangang talakayin sa mga vlog tungkol sa kasalukuyang sitwasyon ng mga katutubo sa Pilipinas na hindi natalakay sa mga vlog na sinuri katulad ng pagpapatupad ng batas na Indigenous Peoples' Act (IPRA). Nakasentro ang IPRA sa pagtalakay at pagpapatupad ng karapatan sa lupaing ninuno, karapatan sa sariling pamamahala at kapangyarihan, karapatan sa katutubong sistema ng katarungan at

karapatang pantao, karapatan sa integridad ng kultura, at karapatang pumasok at magsagawa ng mga kasunduan sa kapayapaan (IPRA, 1997).

Talahanayan 5. Tala ng manifest na oryentalismo sa etik na pananaw

Manifest na Oryentalismo	Katangian	Tala	Porsiyento
Pamumuhay	Pagkakaroon ng impluwensiya ng kanluraning paraan ng pamumuhay	20	100%
Trabaho	Pagpapakita ng ibang pinagkukunan ng kabuhayan ng mga katutubo	1	5%
Kasaysayan	Natatalakay ang mayamang kultura at kasaysayan ng mga katutubong kanilang itinatampok sa kanilang mga vlog	0	0%

Oryentalismo sa emik na pananaw

Latent orientalism sa mga vlog sa emik na pananaw

Hiwalay: Makikita sa Talahanayan 6 na 16 o 80% ang nagpakitang malayo ang lugar na kanilang tinitirhan. Sa mga vlog na Primitive Islander at Banua Tribe TV, ipinakita nila na naninirahan sila sa isla ng Palawan at pangingisda ang pangunahing hanapbuhay. Samantala, ipinakita naman ng Aeta Vlog na naninirahan nang payak sa malapit sa kabundukan. Tanging sa Shaima’s Vlog, isang Badjao ang naninirahan malapit sa kabihasanan. Walang romantisasyon ng pagiging malayo ng mga katutubo sa mga vlog na sinuri sa papel na ito. Dahil sa romantisasyon ng midya sa mga katutubo, may pagkakataon na nakalilimutan ng maraming tao na ang mga katutubo ay mga ordinaryong tao rin katulad ng nakararami. Sa panonood ng vlog ng mga katutubo, makikita lamang sa kanilang mga video ang kanilang payak na pamumuhay at pagsisikap upang itaguyod ang kanilang mga pamilya. Mababakás din sa kanila ang mga ngiti at saya kahit na malayo sila sa kabihasanan. Katulad ng mga hindi katutubo, mga ordinaryong mamamayan din sila ng Pilipinas.

Naiiba: Mababakas sa halos lahat ng mga katutubong vlogger ang pagbibigay sa kanilang sarili ng representasyong mayroon silang mga katangian na naiiba sa ibang mga Filipino. Dalawampu o 100% ang naitalang nagbibigay ng impresyon na sila ay naiiba (tingnan ang Talahanayan 6). Isang magandang halimbawa ang Primitive Islander na sa pagpili pa lang ng pangalan ng kanilang YouTube channel ay tila tahasan nang nagpapakahulugang naiiba sila. Marami naman sa mga vlog ng Banua Tribe TV ang nagpapakita ng mga tradisyonal na paraan ng panghuhuli ng isda at ng tradisyonal na pagkain ng mga Tagbanua (Hal. Banua Tribe TV, 2021a; Banua Tribe TV, 2022). Samantala, sa Aeta Vlog naman ay ilang vlog din

ang nagtampok ng mga pagkaing exotic ng mga Aeta at kung paano nila ito hinuhuli, iniluluto, at kinakain (Hal. Aeta Vlog, 2021a; Aeta Vlog, 2021b). Sa mga vlog naman ng Shama's Vlog hindi na ganoong lumulutang ang pagkakaiba nila dahil na rin sa impluwensiya ng modernisasyon subalit sa isang vlog niya ay naipakita niya kung paano naiiba ang tradisyonal na kasal ng mga Badjao (Hal. Shaima's Vlog, 2019).

Makikita dito na nabibigyan ng pokus ang kapitalisasyon ng pagiging iba o pagiging katutubo ng mga katutubo. Isa itong halimbawa ng *content commercialization* na nagaganap sa YouTube dahil sa proseso ng monetisasyon. Ipinaliwanag nina Monic Sun at Feng Zhu (2013) na isa sa implikasyon ng sistema ng monetisasyon sa YouTube na nakasentro sa produksiyon at konsumo ng populár na content na magpalaganap ng hindi sinasadyang pamantayang panlipunan o misrepresentasyon. Maaaring dulot ng sistemang ito ay magpokus na lang ang mga katutubo sa kapitalisasyon ng kanilang katutubong pamumuhay upang kumita ng pera sa YouTube. Sa ganitong paraan nagagamit at napapatingkad nila ang konsepto ng self-orientalism.

Paurong na pamumuhay: Sa Talahanayan 6 walang naitalang mga vlog na nasuring namumuhay sila nang paurong. Hindi na mababakás sa mga vlog ng mga katutubo na naninirahan pa rin sila sa isang paurong na pamumuhay. Maaaring hindi marangya ang paraan ng kanilang pamumuhay subalit hindi ito nangangahulugang paurong ang kanilang pamumuhay. Isang magandang halimbawa nito ang relihiyon ng mga Tagbanua sa Palawan. Maaaring napapanatili pa nila sa kanilang mga komunidad ang sarili nilang relihiyon na nakabase sa espiritwal at debosyon sa mga diyos sa pamamagitan ng mga ritwal, sayaw, at musika subalit marami na rin ang nagpabawtismo sa Kristiyanismo. Sa iilang vlog ng Primitive Islander at Banua Tribe naipakitang nagdasal sila sa paraan ng pagdarasal ng mga Kristiyano bago kumain (Hal. Banua Tribe TV, 2022; Primitive Islander, 2021b). Isa ring magandang indikasyon na hindi namumuhay nang paurong ang mga katutubong sinuri sa papel na ito ang pagpasok mismo nila sa mundo ng vlogging at pagdadala ng teknolohiya sa kanilang mga komunidad.

Talahanayan 6. Tala ng latent na oryentalismo sa emik na pananaw

Latent na Oryentalismo	Katangian	Tala	Porsiyento
Hiwalay	Malayo sa sibilisasyon ang mga katutubo	16	80%
Naiiba	Naiiba ang antas ng pamumuhay ng mga katutubo	20	100%
Paurong na Pamumuhay	Pagpapakita ng kawalan ng disenteng buhay, dignidad, at pagpapakita ng mga sandali ng kahinaan ng mga tao	0	0%

Manifest orientalism sa mga vlog sa emik na pananaw

Pamumuhay: Makikita sa Talahanayan 7 na lahat ng sinuring 20 video ang nagpakita na nakapasok na ang impluwensiya ng kanluraning kultura sa kanilang komunidad. Ipinaliwanag ni Hirtz (2003) na kinakailangan ng modernong paraan upang maging tradisyonal at maging katutubo. Itinuturing niya itong isang uri ng “bureaucratic orientalism” na ipinaliwanag ni Said (1978) na ginawa at binuo bilang isang reapirmasyon ng “the Other” sa pamamagitan ng maliliit na administratibong paraan at kontemporaryong proseso ng representasyon. Sa madaling salita sa pamamagitan mismo ng proseso ng pagkilala bilang mga katutubo pumapasok ang mga grupong ito sa dimensiyon ng modernong panahon (Chaliand, 1989 sipi kay Hirtz, 2003).

Sa gitna ng modernisasyon at pag-unlad ng teknolohiya hindi na lamang nanatiling awtomatikong pumapasok ang mga grupo ng katutubo sa dimensiyon ng modernong panahon dahil may kakayahan na sila mismong gamitin ang midya at teknolohiya para sa pagsasagawa ng representasyon ng kanilang sariling kultura at tradisyon. Makikita sa lahat ng sinuring vlog na may kakayahan at kasanayan na ang mga katutubo na gumamit ng cellphone, kamera, basic editing software, at Internet upang makagawa ng mga video para sa kanilang YouTube channel. Ginagamit nila ang mga instrumentong ito upang ipakita ang kanilang pagpapasiya sa sarili o pagsasarili. Ipinapakita nito ang pagkalas ng mga katutubo sa estereotipong representasyon ng malalaking media outlet o kaya naman ng mga vlogger na tagalabas. Subalit, sa kabila nito, may panganib pa ring mabigyan ng hindi magandang representasyon ang kanilang kultura, tradisyon, at pamamaraan ng pamumuhay.

Trabaho: Isa sa mga hámon na kinahaharap ng mga miyembro ng katutubo ay ang pagiging mahina na sumasaklaw sa aspektong sosyal at ekonomiko na naaapektuhan ang kanilang karapatang pantao. Kalimitang may kakulangan sa mga oportunidad sa maayos na edukasyon, paninirahan sa mga lugar na kadalasang nakararanas ng mga kalamidad, kakulangan sa

malinis at maayos na serbisyong pangkalusugan; lahat ng mga ito ay may kontribusyon sa mababang antas ng pamumuhay at kita ng mga katutubo.

Subalit sa pagkakaroon ng akses ng mga katutubo sa Internet at teknolohiya makikita na nagbukas ang vlogging ng panibagong paraan upang kumita ng pera ang mga katutubo. Makikita sa Talahanayan 7 na sa 20 sinuring video, lahat ito ay nagpapakitang nakatagpo ng bagong paraan ng pagkakakitaan ang mga katutubo. Sa konteksto ng mga komunidad ng mga katutubong vlogger, nagiging instrumento ang vlogging bilang isang paraan upang umahon at umangat sila sa buhay. Sa mga vlog na sinuri sa channel ng Primitive Islander at mga Tagbanua vlogger sa Palawan naipakita nila kung magkano ang kanilang kinikita sa paggawa ng vlog at kung paano nito natutulungan ang kanilang pamilya tulad ng pagpapaayos ng kanilang mga bahay (Hal. Primitive Islander, 2021a). Ipinakita rin sa ilan nilang vlog kung paano nila natutulungan ang mga komunidad na kanilang kinabibilangan. Naging daan din sila upang makapasok sa mundo ng vlogging ang iba pang miyembro ng Tagbanua sa kabilang isla na vlogging na rin ngayon ang isa sa kanilang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan (Hal. Banua Tribe TV, 2021b).

Sa kabila ng mga hámon na kinahaharap ng mga katutubo pagdating sa pagkakaroon ng maayos na trabaho at edukasyon upang masuportahan ang kanilang pamilya, nagbubukas ang YouTube ng panibagong oportunidad upang maiangat nila ang antas ng pamumuhay. Makikita sa mga sinuring video sa emik na pananaw na ang unti-unting pag-angkop ng mga katutubo sa paggamit ng teknolohiya ay nakapagbigay ng panibagong pag-asa upang ayusin ang kanilang sitwasyon habang pinananatili ang kanilang sariling identidad, kultura, at tradisyon.

Kasaysayan: Isa sa matagal nang hámon na kinahaharap ng mga miyembro ng katutubo ang misrepresentasyon sa kanila ng mainstream na midya sa mga larawan, sa palabas sa telebisyon, sa mga pelikula, at ngayon sa *social media*. Sinabi ni Amierielle Anne Bulan (2018), kadalasang inilalarawan sa industriya ng entertainment ang mga katutubo bilang mga mangmang at nakatatawa o komiko. Bukod pa rito masasabi rin na kulang na kulang pa ang representasyon ng mga katutubo sa midya upang lubos na maunawaan ng mga manood o mambabasa ang kanilang kultura.

Sa pagsusuri ng mga video sa emik na pananaw, makikita sa 20 o 100% ng mga video ang hayagang paggamit ng pagkukuwento o storytelling upang bigyan ng representasyon ang kanilang sarili sa mundo ng social media (tingnan ang Talahanayan 7). Isa itong paraan upang sila mismo ang tumatalakay sa sarili nilang kultura at tradisyon. Ayon kay Rehana Asmi (2017) malaki ang ginagampanang bahagi ng storytelling lalo na ng oral storytelling sa katutubong kultura. Sinabi rin ni Judy Iseke (2013) na

ang kuwento sa kultura ng mga katutubo ay nagpapanatili ng komunidad, napatitibay ang kanilang mga karanasan at epistemolohiya, nagpapahayag ng karanasan ng mga miyembro ng katutubo, at nagpapayaman ng relasyon at pagbabahagihan ng kaalaman. Idinagdag pa niya na isa itong paraan upang labanan ang unti-unting nawawalang elemento ng kanilang kultura katulad ng kanilang sariling wika, kasaysayan, at kosmolohiya hanggang sa antas ng asimilasyon.

Isang positibong indikasyon ang pagkakaroon ng presensiya ng ilang grupo ng mga katutubo sa YouTube katulad ng Primitive Islander, Banua Tribe TV, Aeta Vlog, at Shaima vlog. Bilang personal na tagapagsalaysay ng kanilang karanasan, may kontrol sila sa kanilang sariling mga istorya. Nakatutulong din ang kanilang personal na naratibo upang maturuan ang kanilang mga manood ng kanilang kultura sa sarili nilang perspektiba. Naging paraan din ito upang bigyan ng malakas na boses ang mga tagapagsalaysay sa mga vlog. Mahalaga ito upang labanan ang mga nagkalat ng estereotipong paglalarawan sa kanila sa mainstream na midya. Halimbawa, inilarawan ni Richard Collette (2019) sa kaniyang vlog ang mga Tagbanua bilang mahiyain lalo na kung sila ay tatanungin. Subalit sa kanilang mga vlog makikita ang mga Tagbanua na hindi nahihiyang humarap at magsalaysay ng kanilang karanasan at kuwento sa harap ng kamera.

Gayundin naman ang pagkakakilala ng mga tao sa mga Badjao at Aeta. Ayon kay Miriam O'Callaghan (2018) nagkaroon ng hindi magandang reputasyon ang mga Badjao sa Cebu dahil sa kanilang panlilimos sa mga kalsada, pampasaherong jeepney, at mga palengke subalit naipakita sa Shaima Vlog na kaya rin ng mga Badjao na makipagsabayan sa paggawa ng mga vlog upang maipakita ang kanilang kultura at tradisyon. May estereotipo ding nakadikit sa mga Aeta bilang mga pulubi dahil na rin sa naging epekto ng pagsabog ng Bulkang Pinatubo noong 1990. Sa panahong ito maraming mga Aeta ang dumaan sa paglikas, paglipat ng tirahan, at kaugnay na kaguluhan sa lipunan na nagbunsod na mamalimos sila sa mga karatig bayan. Subalit sa pamamagitan ng paggawa ng vlog, naipakikita ng Aeta Vlog ang kanilang kultura, tradisyon, at pamamaraan ng pamumuhay. Sa pamamagitan ng vlog ay nabibigyan ng bagong mukha ng YouTube ang mga katutubo sa Pilipinas.

Talahanayan 7. Tala ng manifest na oryentalismo sa emik na pananaw

Manifest na Oryentalismo	Katangian	Tala	Porsiyento
Pamumuhay	Pagkakaroon ng impluwensiya ng kanluraning paraan ng pamumuhay	20	100%
Trabaho	Pagpapakita ng ibang pinagkukunan ng kabuhayan ng mga katutubo	20	100%
Kasaysayan	Natatalakay ang mayamang kultura at kasaysayan ng mga katutubong kanilang itinatampok sa kanilang mga vlog	20	100%

Kritikal na paghahambing ng representasyong oryentalismo ng katutubo sa YouTube

Latent orientalism sa mga vlog sa emik na pananaw

Ipinapakita ng Talahanayan 8 na may pagkakaiba sa paggamit ng latent na oryentalismo sa etik at emik na pananaw. Sa katangian ng pagiging hiwalay at naiiba ng mga katutubo, tanging 20% lamang ang pagkakaiba ng dalawa dahil may pagkakataong ginagamit din ng mga katutubo ang self-orientalism sa representasyon ng kanilang sarili sa kanilang mga vlog. Malaki naman ang pagkakaiba pagdating sa pagpapakita ng paurong na pamumuhay ng mga katutubo. Mas matingkad ang pagpapakita nito sa etik na pananaw kompara sa emik na pananaw na pinaniniwalaan na nagkakaroon ang mga katutubo ng pagkakataon na gamitin ang konsepto ng counter-orientalism.

Talahanayan 8. Paghahambing ng latent na oryentalismo sa etik at emik na pananaw.

Latent na Oryentalismo	Katangian	Etik		Emik	
		Tala	Porsiyento	Tala	Porsiyento
Hiwalay	Malayo sa sibilisasyon ang mga katutubo	20	100%	16	80%
Naiiba	Naiiba sa ang antas ng pamumuhay ng mga katutubo	18	90%	20	100%
Paurong na Pamumuhay	Pagpapakita ng kawalan ng disenteng buhay, dignidad, at pagpapakita ng mga sandali ng kahinaan ng mga tao	20	100%	0	0%

Hiwalay: Sa etik na pananaw, higit na lamang ang paggamit ng oryentalismong pananaw sa mga katutubo. Inilarawan ng mga sinuring video sa etik na pananaw ang mga katutubo bilang “the Other” o sila ang kaibahan ng mga taong gumawa ng video at mga manonood nito. Ipinakikita ng oryentalismong paglalarawan ng mga katutubo sa kanilang vlog na wala

silang abilidad na magsalita para sa kanilang sarili. Maihahalintulad ang mga vlogger sa etik na pananaw bilang mga occident na siyang may kontrol ng naratibo at may higit na kaalamang taglay na nagpapakita ng gahum sa pagitan ng mga vlogger at mga katutubo. Sinabi ni Said (1978), “The relationship between Occident and Orient is a relationship of power, of domination, of varying degrees of a complex hegemony” (p. 5). Idinagdag pa niya na binubuo ang mundo ng mga estereotipo kung paano nito tinitingan ang Orient, sa konteksto ng pag-aaral na ito, ang mga katutubo.

Samantala, walang romantisasyon ng pagiging malayo o liblib ng kanilang lugar sa mga vlog na mga katutubo mismo ang mga gumawa. Nagkakaroon ng sariling representasyon ang mga katutubo na nagpapakita na kahit na malayo ang kanilang tinitirhan ay nabubuhay silang katulad ng mga ordinaryong tao na naninirahan sa mga lungsod at siyudad. Maaaring may pagkakaiba sa sitwasyon ng kanilang buhay subalit ipinapakita nila na nabubuhay sila nang payapa at normal katulad ng ibang mga Filipino. Isang halimbawa ito ng counter-orientalism na nagagawa ng mga katutubo sa kanilang mga vlog. Nagkakaroon sila ng pagkakataon na mapabulaanan ang mga misrepresentasyon na nabuo sa midya.

Naiiba: Sa etik na pananaw, makikita ang paggamit ng mga vlogger na hindi kabilang sa katutubo ng latent orientalism ayon sa pagpapaliwanag ni Said (1978). Dahil itinuturing na mga amateur ang karamihan ng mga vlogger, maaaring masabing hindi sila maláy na nagagamit nila ang oryentalismong pananaw sa pagtatampok ng mga katutubo sa kanilang mga video bilang kakaiba sa mga taong naninirahan sa lungsod. Maaaring maganda ang kanilang intensiyon sa pagbabahagi ng buhay ng mga katutubo sa kanilang mga vlog subalit kinakailangan pa rin nilang maintindihan nang mas malalim ang kultura at tradisyon ng mga katutubo upang hindi magkaroon ng misrepresentasyon ang mga nanonood ng kanilang mga vlog. Sa emik na pananaw naman, nakitahan ng panganib na magamit ng mga katutubong vlogger ang self-orientalism kung hindi sila mabibigyan ng karagdagang kaalaman sa pagiging mapanuri sa mga kuwento at karanasan na nais nilang ibahagi sa kanilang mga video. Nakita sa pagsusuri ng mga vlog ng mga katutubo na nagiging pokus ng kanilang mga vlog ang kahirapan ng hindi naipapaliwanag sa tamang konteksto ang kanilang sitwasyon. Maaaring magpatingkad ito ng estereotipo tungkol sa mga katutubo.

Paurong na pamumuhay: Sa etik na pananaw, hindi hayagang ipinakita na namumuhay nang paurong ang mga katutubo subalit nakatuon ito sa pagpapakita ng mabagal na pag-unlad ng komunidad na kanilang kinabibilangan. Malinaw ang romantisasyon ng kahirapan sa mga vlog ng mga tagalabas. Taliwas ito sa mga vlog ng mga katutubo na ipinakita na sa gitna ng modernisasyon at pag-unlad ng teknolohiya hindi na lamang

nanatiling awtomatikong pumapasok ang mga grupo ng katutubo sa dimensiyon ng modernong panahon dahil may kakayahan na sila mismo na pumasok sa modernisasyon gamit ang midya at teknolohiya para sa pagsasagawa ng representasyon ng kanilang sariling kultura at tradisyon.

Manifest orientalism sa mga vlog sa emik na pananaw

Ipinakita ng Talahayan 9 ang pagkakaiba ng paggamit ng manifest na oryentalismo sa etik at emik na pananaw. Tanging sa katangian ng pamumuhay ng mga katutubo na nagpapakita ng pagkakaroon ng impluwensiya ng kanluraning paraan ng pamumuhay nagkatulad ang dalawang perspektiba. Pareho itong nakapagtala ng 20 o 100% ng mga video. Samantala, malaki ang pagkakaiba ng etik at emik na pananaw pagdating sa katangian ng trabaho at kasaysayan sapagkat nanatiling nasa latent na oryentalismo ang pagtalakay ng mga vlogger sa etik na pananaw kaya nakapagtala lamang ito ng 1 o 5% sa trabaho at wala naman sa kasaysayan. Sa emik na pananaw naman higit na ipinakita ng mga katutubong vlogger ang manifest orientalism sapagkat malinaw nilang nabigyan ng bagong representasyon ang kanilang sarili taliwas sa mga estereotipo ng mainstream na midya tungkol sa kanila. Parehong nakapagtala ang katangian ng trabaho at kasaysayan ng 20 o 100% ng mga video sa emik na pananaw.

Talahayan 9. Paghahambing ng manifest na oryentalismo sa etik at emik na pananaw.

Manifest na Oryentalismo	Katangian	Etik		Emik	
		Tala	Porsiyento	Tala	Porsiyento
Pamumuhay	Pagkakaroon ng impluwensiya ng kanluraning paraan ng pamumuhay	20	100%	20	100%
Trabaho	Pagpapakita ng ibang pinagkukunan ng kabuhatan ng mga katutubo	1	5%	20	100%
Kasaysayan	Natatalakay ang mayamang kultura at kasaysayan ng mga katutubong kanilang itinatampok sa kanilang mga vlog	0	0%	20	100%

Pamumuhay: Sa pagsusuri ng mga video sa emik na pananaw, nakitang nagagamit ang YouTube ng katutubo bilang instrumento ng counter-orientalism. Malinaw na ipinakita ng mga katutubo sa kanilang sariling vlog na hindi sila naiiba at mayroon silang kakayahan at kaalaman na gumamit ng teknolohiya. Sa kanilang sariling perspektiba, nagbibigay sila ng panibagong paraan upang mas makilala at maunawaan sila ng mga manonood. Isang paraan ito upang pabulaanan ang pagkakakilala ng mga tagalabas sa

kanilang kultura, tradisyon, at pamumuhay. Sa kabila ng paninirahan sa kabundukan o isla ay may kakayahan silang iangat ang uri ng kanilang pamumuhay kung mayroon lamang mga oportunidad na magbubukas para sa kanila. Unti-unti nitong binabasag ang persepsiyon sa mga katutubo bilang mga tao na kulang sa edukasyon o ang Kanluraning kaalaman na ang mga taga-Orient ay namumuhay nang hindi sibilisado. Taliwas ito sa mga vlog sa etik na pananaw sapagkat nananatiling pasibo ang mga katutubo sa naratibo ng mga taong hindi kabilang sa mga katutubo. Walang kontrol sa kung papaano tatakbo ang naratibo sapagkat nasa desisyon ng mga vlogger na tagalabas kung paano nila tatahiin ang kuwento upang magkaroon ng interes ang mga manood.

Trabaho: Sa etik na pananaw malaki ang posibilidad na magpakalat ng misrepresentasyon ng imahen ng mga katutubo sa kanilang mga vlog dahil lantad na lantad ang konsepto ng oryentalismo sa mga ito. Samantala, sa emik na pananaw nakitang ginagamit ng mga miyembro ng katutubo ang YouTube upang mapalakas ang kanilang online na presensiya. Nagbukas ang YouTube ng iba't ibang oportunidad sa mga katutubo na bigyan ng sariling representasyon ang kanilang kultura at tradisyon sa kanilang sariling perspektiba. Nagamit din ng mga miyembro ng katutubo ang katangian ng vlogging na paggamit ng personal na naratibo upang maipahayag ang kanilang sariling karanasan at pang-araw-araw na buhay sa kanilang mga komunidad. Sa konteksto naman ng oryentalismo, masasabing sa pagpasok ng mga katutubo sa larang ng vlogging ay pumapasok din sila sa paggamit ng counter-orientalism o ang proseso ng representasyon ng sarili upang labanan ang mga misrepresentasyon ng mainstream na midya at ng social media sa Pilipinas.

Kasaysayan: Sa etik na pananaw, nawalan ng espasyo ang mga katutubo na ilahad ang kanilang kasaysayan sapagakat tanging ang nagiging pokus ng kanilang mga vlog ay ang kahirapan na dinaranas ng mga katutubo. Hindi tumutungo ang naratibo tungkol sa mga katutubo sa pagtalakay sa patuloy na pagkakait sa mga katutubo ng kanilang mga karapatan at oportunidad upang magkaroon ng oportunidad na makayanan nilang makisabay sa mabilis na pagbabagong panlipuan, ekonomiko, at politikal na kapaligiran. Subalit, sa emik na pananaw naipakita ng mga katutubo sa kanilang vlog na may kakayahan sila na mabigyan ng representasyon ang kanilang sarili. Nakitang naging isang positibong indikasyon ang pagkakaroon ng presensiya ng ilang grupo ng katutubo sa YouTube. Bilang personal na tagapagsalaysay ng kanilang karanasan, may kontrol sila sa kanilang sariling mga kuwento at karanasan. Nakatutulong din ang kanilang personal na naratibo upang maturuan ang kanilang mga manood ng kanilang kultura, nagiging paraan din ito upang mapalakas nito ang mga tagapagsalaysay. Mahalaga

ito upang labanan ang mga nagkalat ng estereotipong paglalarawan sa kanila sa mainstream na midya. Malinaw din na ipinapakita nito na kung mabibigyan ng sapat na oportunidad ang mga katutubo ay magkakaroon sila ng kakayahan upang makasabay sila sa patuloy na pag-unlad ng lipunang nakapaligid sa kanila.

Kongklusyon

Nilayon ng papel na ito na sagutin ang pangunahing suliranin na: Ano ang mga nabuong imahen at representasyon ng mga katutubo sa YouTube? Patuloy na nagkukulang ang representasyon ng mga katutubo sa midya. Sa patuloy na pagsikat ng vlogging sa YouTube, dumami ang mga vlog na lumabas na nagtatampok sa iba't ibang komunidad ng katutubo sa YouTube. Nagbukas din ito ng bagong oportunidad sa mga mismong miyembro ng katutubo na pumasok sa mundo ng vlogging at maging alternatibong pinagkukunan ng hanapbuhay. Isa itong patunay na hindi na nahuhuli ang mga katutubo sa paggamit ng teknolohiya taliwas sa kung paano sila nakilala ng ibang mga tao. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga katutubo na mabigyan ng sariling representasyon ang kanilang sarili sa YouTube. Nagiging daan ito upang unti-unting basagin ang pagkilala at pagtingin sa mga katutubo na nakasentro sa mga estereotipong nabuo dahil na rin kung paano sila binibigyan ng representasyon sa mainstream na midya. Naging instrumento ang YouTube para sa mga katutubo upang kontrahin ang oryentalismong pananaw na bumubuo ng hindi makatotohanang representasyon ng kanilang kultura, tradisyon, at uri ng pamumuhay. Kinakailangan lamang na maging maingat ang mga katutubo sa paraan ng pagbuo ng sariling naratibo sa YouTube sapagkat maaaring mauwi ito sa self-orientalism.

Subalit, nagagamit din ang YouTube lalo na ng mga vlogger na hindi miyembro ng komunidad ng mga katutubo upang ipalaganap ang representasyong nakaangkla sa oryentalismong pananaw. Nabibigyan ng pokus ng mga vlogger ang paggamit nila ng lente ng *colonial gaze* na nagpapakita na kabilang ang mga katutubo bilang “the Others” o pagpapakita na naiiba ang uri ng kanilang pamumuhay kompara sa mga taong naninirahan sa lungsod. Nagpapakita ito ng pagkakaiba ng isang sibilisado at hindi sibilisadong lugar at pamumuhay ng mga katutubo. Dahil walang regulasyon sa paggawa ng vlog at karaniwang mga amateur pa lamang ang mga pumapasok sa mundo ng vlogging, madali lamang gawing sentro ng obhetibasyon ang katutubo sa kanilang pagsasaalang-alang na makakuha ng maraming bilang ng view at subscriber. Mahalagang mabigyan pa ng tuon ang ganitong kalakaran sa YouTube upang hindi mauwi sa pagpapalaganap

ng misrepresentasyon ng kultura, tradisyon, at uri ng pamumuhay ng mga katutubo sa Pilipinas.

Rekomendasyon

Magagamit ang resulta ng pag-aaral na ito upang maging gabay ng National Commission on Indigenous People (NCIP) at National Commission for Culture and the Arts (NCCA) upang mabigyan ng tamang kasanayan at programa ang mga miyembro ng mga katutubo katulad ng *Media Information Literacy* upang magabayan sila sa paggawa ng mga sariling naratibo sa kanilang vlog sa YouTube na hindi masisira ang representasyon ng kanilang kultura at tradisyon. Maaari din itong magbigay ng daan upang makapaglabas ng polisiya na magmomonitor ng mga vlogger na nagnanais na gumawa ng vlog tungkol sa mga miyembro ng mga katutubo sa Pilipinas upang patuloy na protektahan ang kanilang kultura at tradisyon.

Kinakailangan pang ipagpatuloy ang pag-aaral kung paano ginagamit ng mga katutubo ang YouTube hindi lang sa pagbibigay representasyon sa kanilang mga sarili kung hindi pati na rin sa pagsusuri kung paano ito nakaaapekto sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Kailangang ding suriin kung paano nito naiimpluwensiyahan ang kanilang sosyal, kultural, at politikal na aspekto ng pamumuhay bilang mga katutubo. Maganda ring suriin kung ano ang representasyong nabubuo ng mga taong nanonood ng kanilang vlog upang makita kung nababasag nga ba nito ang mga estereotipong nakakabit sa mga miyembro ng katutubo.

Sanggunian

- Aeta Vlog (2021a, January 21). *Harvesting the Exotic Aphrodisiac called Parunapin (Woodworm)*. [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=hNSbp3Em2qo>
- Aeta Vlog (2021b, February 20). *HUod na niluto sa kawayan - Pampa...toink! ng mga lalaki*. [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=WpeVXVKcBA8>
- Aran, O., Biel, J. I., & Gatica-Perez, D. (2013). Broadcasting oneself: Visual discovery of vlogging styles. *IEEE Transactions on Multimedia*, 16(1), 201–215. <https://doi.org/10.1109/tmm.2013.2284893>
- Asmi, R. E. (2017). Indigenous representation in the media and the importance of personal narrative. ScholarWorks at University of Montana. Retrieved January 19, 2023, from <https://scholarworks.umt.edu/utpp/174/>
- Balilla, V. S., Anwar McHenry, J., McHenry, M. P., Parkinson, R. M., & Banal, D. T. (2013). Indigenous Aeta Magbukún self-identity, sociopolitical structures, and self-determination at the local level in the Philippines. *Journal of Anthropology*, 2013. 1–6. <https://doi.org/10.1155/2013/391878>
- Banua Tribe TV (2021a, November 11). *ep4-Simply pero ang tigas talaga, pero ang sarap nito*. [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=51nJpEiRF-o>
- Banua Tribe TV (2021b, December 1). *ep14- Tanggap napo kami sa YouTube | maraming salamat mga ka-Banua*. [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=51nJpEiRF-o>
- Banua Tribe TV (2022, January 8). *ep23_ Pagkain sa ilalim ng buhangin*. [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=wS-Ey6a6HRI&t=1117s>
- Bertens, H. (2013). *Literary theory: The basics*. Routledge.
- Biel, J. I., & Gatica-Perez, D. (2010, May). Voices of vlogging. *Proceedings of the International AAAI Conference on Web and Social Media*, 4(1), 211–214. <https://doi.org/10.1609/icwsm.v4i1.14057>
- Buhay Isla Vlog TV (2021a, February 11). *May vlogger na ang ating mga katutubo*. [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=MlmaTQJugfY>
- Buhay Isla Vlog TV (2021b, August 21). *Part2 | Subrang nakakadurog ng puso ang kanilang kalagayan| 1st outreach mission*. [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=06N7DRQljQY>
- Buhay Isla Vlog TV (2021c, October 10). *Isang isla ng mga katutubo dinayo namin para mabigyan ng ayuda*. [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=US_WinewZhU&t=305s
- Bulan, A. A. (2018, October 17). *This is the problem with the portrayal of IPS in TV shows*. NOLISOLI. <https://nolisoli.ph/50723/problem-portrayal-of-indigenous-peoples-abulan-20181017/>
- Cariño, J. K. (2012). *Country technical note on indigenous peoples' issues Federal Democratic*. IFAD. https://www.ifad.org/documents/38714170/40224860/nepal_ctn.pdf/63df5831-28f8-4d0c-8338-ac-2062c7fa24
- Chau, C. (2010). YouTube as a participatory culture. *New Directions for Youth Development*, 2010(128), 65–74. <https://doi.org/10.1002/yd.376>
- Chouliaraki, L. (2010). Post-humanitarianism. *International Journal of Cultural Studies*, 13(2), 107–126. <https://doi.org/10.1177/1367877909356720>
- Collett, R. (2019, March 19). Tribal Tagbanua: The guardians of coron. *Travelogues from Remote Lands*. Retrieved January 19, 2023, from <https://www.remotelands.com/travelogues/tribal-tagbanua-the-guardians-of-coron/>

- dela Cruz, A. A. R. (2020). Igorotism and orientalism: The photographs of Eduardo Masferré. PhilArchive. Retrieved January 19, 2023, from <https://philarchive.org/archive/DELIAOv1>
- De Vera, M. J. B. & Saludadez, J. A. (2021). YouTube vlogging as access to possibilities: A phenomenological study of an OG Filipino vlogger. *Plaridel*, 18(2), 1-27. <https://doi.org/10.52518/2021-17dvesal>
- Dirlik, A. (1996). Chinese history and the question of orientalism. *History and Theory*, 35(4), 96. <https://doi.org/10.2307/2505446>
- Dortonne, N. (2016, December 8). The dangers of poverty porn. CNN. Retrieved January 19, 2023, from <https://edition.cnn.com/2016/12/08/health/poverty-porn-danger-feat/index.html>
- Evangelista, M. M., Pimentel, E. V., Sager, S. D. P., & Zamora, F. G. (2015). Influence of mobile phones on an indigenous community in Bamban, Tarlac, Philippines. *Communication Research*, 2(1), 251-261. <http://lpulaguna.edu.ph/wp-content/uploads/2016/08/10.INFLUENCE-OF-MOBILE-PHONES-ON-AN-INDIGENOUS-COMMUNITY-IN-BAMBAN-TARLAC-PHILIPPINES.pdf>
- Georgiou, M. (2013). Diaspora in the digital age: Minorities and media representation. *Journal on Ethnopolitics and Minority Issues in Europe*, 12, 80-99. https://www.ecmi.de/fileadmin/redakteure/publications/JEMIE_Datens%C3%A4tze/jemie-datens%C3%A4tze_2013/Georgiou.pdf
- Hirtz, F. (2003). It takes modern means to be traditional: On recognizing indigenous cultural communities in the Philippines. *Development and Change*, 34(5), 887-914. <https://doi.org/10.1111/j.1467-7660.2003.00333.x>
- Indigenous People's Rights Act of 1997, Republic Act No. 8371 (1997) <https://www.officialgazette.gov.ph/1997/10/29/republic-act-no-8371/>
- Iseke, J. (2013). Indigenous storytelling as research. *International Review of Qualitative Research*, 6(4), 559-577. <https://journals.sagepub.com/doi/10.1525/irqr.2013.6.4.559>
- Iwamura, J. N. (2011). *Virtual orientalism: Asian religions and American popular culture*. Oxford University Press.
- Kramer, P. A. (2006). Race-making and colonial violence in the U.S. empire: The Philippine-american war as Race War. *The Asia-Pacific Journal: Japan Focus*. Retrieved January 19, 2023, from https://apjif.org/-Paul_A_-Kramer/1745
- O'Callaghan, M. (2018). Blog: The story of the badjao tribe, SR Evelyn and serve volunteers. Nano Nagle Place. Retrieved January 19, 2023, from <https://nanonagleplace.ie/the-story-of-the-badjao-tribe-sr-evelyn-and-serve-volunteers/>
- Ong, J. C. (2015). Charity Appeals as Poverty Porn? Production Ethics in Representing Suffering Children and Typhoon Haiyan Beneficiaries in the Philippines. University of Leicester. Chapter. <https://hdl.handle.net/2381/33118>
- Orticio, G. C. (2011) The Indigenous digital collectif: the case among the iTadian of Northern Philippines. In Knowledge/Culture/Social Change International Conference, 2011-11-09 - 2011-11-09. <https://eprints.qut.edu.au/62093/>
- Pun, R. (2013). Digital images and visions of Jihad: Virtual orientalism and the distorted lens of technology. *CyberOrient*, 7(1), 94-115. <https://doi.org/10.1002/j.cyo2.20130701.0004>
- Özçelik, T. G. (2021). Özçelik, T. G. (2021). Self-orientalism and the media's role in Turkey before 2000. *OPUS-International Journal of Society Researches*, 17(35), 2179-2208. DOI: 10.26466/opus.856102

- Primitive Islander (2021a, June 10). Bp36| *Ang aming unang sahod | Maraming salamat po sa inyong supporta*. [Video]. <https://www.youtube.com/watch?v=bOoEEUDPJMY>
- Primitive Islander (2021b, September 28). *p97-Lumaki na lalo sahod namin mga tangay mapapaayos na namin ang mga bahay namin*. [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=9gxafiUN0Wk>
- Romalyn Vlogs (2021a, February 16). *Ang pag-aasawa ng mga Mangyan | Paano namumuhay ang mga Mangyan | Barangay Lagnas Part 1 | OCC, MDO*. [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=lykzPdLegQA>
- Romalyn Vlogs (2021b, February 2). *Balikan natin ang mga Katutubong Mangyan sa Bundok (iKinabuhay ng mga Mangyan) TURAWAN PART 2* [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=uY8trSMjsLQ&t=902s>
- Romalyn Vlogs (2021c, February 28). *Ang pangakong pagbabalik kina Samara. Paano namumuhay ang mga Mangyan | Barangay Lagnas Part 2 | OCC, MDO*. [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=8Hwfn5Zz5LA>
- Romalyn Vlogs (2021d, May 29). *Salo-salo sa tribu nina Samara (Happy 1 million views sa tribu ni SAMARA)*. [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=gX8FHqJbyOI>
- Said, E. (1978). *Orientalism*. Vintage Books.
- Shaima's Vlog. (2019, December 20). *Attending Badjao wedding (vlog-14)*. [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=s-O2OhlgjFQ>
- Sun, M., & Zhu, F. (2013). Ad revenue and content commercialization: Evidence from blogs. *Management Science*, 59(10), 2314–2331. <https://doi.org/10.1287/mnsc.1120.1704>
- The Good Mangyan. (2020, December 16). *Munting handog sa ating katutubong Mangyan*. [Video]. <https://www.youtube.com/watch?v=mOmZPy-2G4A>
- United Nations. (2004). Report of the workshop on data collection and disaggregation for Indigenous Peoples. United Nations. Retrieved January 19, 2023, from <https://digitallibrary.un.org/record/517063>
- United Nations. (2006). *Who are the Indigenous People? Permanent forum for Indigenous Peoples*. Retrieved March 17, 2022, from <https://www.un.org/development/desa/indigenouspeoples/unpfii-sessions-2.html>
- UNDP (2013). *Fast facts: Indigenous peoples in the Philippines: UNDP in Philippines*. Retrieved March 17, 2022, from https://www.ph.undp.org/content/philippines/en/home/library/democratic_governance/FastFacts-IPs.html
- Wahab, A. G. A. (2014). Counter-orientalism: Retranslating the “Invisible Arab” in Leila Aboulela’s *The Translator* and Lyrics Alley. *Arab Studies Quarterly*, 36(3), 220-241. 10.13169/arabstudquar.36.3.0220
- Wild Life Ph (2021a, November 10). *Kakaibang balik bayan box para sa tribung Aeta. Inspired by Virgelyncares & Techram & Pugong Byahero*. [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=8bbbUQhuLVc>
- Wild Life Ph (2021b, November 18). *3rd Pabahay sa tribung Aeta. Inspired by Virgelyncares & Techram & Pugong Byahero*. [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=fLfvY8MifUc>
- Xingcheng, Z. (2006). The globalized logic of Orientalism. *Contemporary Chinese Thought*, 37(4), 48–54. <https://doi.org/10.2753/csp1097-1467370403>

Grant Support Details

Author Contributions: Conceptualization, Alcantara. G.C. and Demeterio. F.P.A.; methodology, Alcantara. G.C. and Demeterio. F.P.A.; investigation, Alcantara. G.C.; data curation, Alcantara. G.C.; writing—original draft preparation, Alcantara. G.C.; writing—review and editing, Alcantara. G.C. and Demeterio. F.P.A.; project administration, Alcantara. G.C. All authors have read and agreed to the published version of the manuscript.

Funding: The authors received no specific funding for this work.

Conflict of Interest: The authors declare no conflict of interest.

About the Authors

GIAN CARLO ALCANTARA is full-time faculty member and the Chairperson of the General Education Department, iACADEMY. He received his M.A. Communication degree from the Polytechnic University of the Philippines in 2018. He is currently working towards his Ph.D. Philippine Studies degree at the De La Salle University. His research interests include new media, online discourse, and religious communication (corresponding author: gian.alcantara@iacademy.edu.ph).

FEORILLO A. DEMETERIO III is a Full Professor of the Department of Filipino, College of Liberal Arts, and the Director of the University Research Coordination Office, De La Salle University. He served as a visiting research professor at the Council for Research in Values and Philosophy, Catholic University of America, Washington, D.C., in 2013. And was recognized as an outstanding alumnus in the field of philosophy by the Graduate School of the University of Santo Tomas in 2014 (corresponding author: feorillo.demeterio@dlsu.edu.ph).